Ang sistema ng Pambansang Pensiyon ay humihiling sa mga nakaseguro na mag-file ng mga report form sa angkop na opisina sa iba't ibang okasyon at anumang pagbabago sa kategorya ng nakaseguro. Ayon sa aming computer record, ang iyong coverage record ng National Pension ay tila hindi nakarehistro nang maayos o nawawala pagkatapos mong dumating at magparehistro ng address sa Japan. Maaaring dahil hindi mo ito nai-report, o hindi mo pa ito naii-report pagkatapos mong mag-resign mula sa iyong huling kumpanya. Kung hindi mo mai-file nang maayos ang mga report form, maaaring hindi ka makatanggap ng old-age pension o disability pension sa oras na kailangan mo na ito. Mangyaring mag-file ng mga report form sa naaangkop na mga tanggapan tulad ng ipinapaliwanag sa ibaba.
Mangyaring tandaan na maaari kaming magpadala sa iyo ng invoice ng kontribusyon ng National Pension, sa pamamagitan ng opisyal na pamamaraan sa pagrehistro ng awtoridad, bago ka pa mag-file ng mga kinakailangang report form.

## Kailangan mong mag-file ng mga report form upang matiyak ang coverage record ng iyong pensiyon

Ayon sa aming computer record, ikaw (o iyong asawa) na pinangalanan sa ibaba, ay kailangang mag-file dahil sa rason na:
[ ] mula sa mga kaso na nakalista sa likuran ng papel na ito.
Upang matiyak ang iyong coverage record, at upang maiwasan ang pagkawala ng panahon ng coverage, nakikiusap at pinapayuhan namin kayo na mag-file ng naaangkop na mga report sa mga tanggapan tulad ng ipinapaliwanag sa ibaba:

◆ **Aling kategorya ng nakaseguro ka ngayon/dati?**
Mangyaring sumangguni sa "Mga kategorya ng nakaseguro sa National Pension" sa likod ng papel na ito.

◆ **Alin sa mga form at saan mo kailangang mag-file?**

(a) Kung kailangan mo (o ng iyong asawa) na mag-file ng form para sa nakaseguro sa ilalim ng Kategorya Ⅰ, mangyaring punan ang nakapaloob na "National Pension insured persons' report form" (KOKUMIN NENKIN HIHOKENSHA KANKEI TODOKESHO), at isumite ang nakumpleto na form sa iyong tanggapan ng munisipyo. Mangyaring sumangguni sa nakapaloob na "Paano punan ang form"

Tandaan: Kung mag-file ka gamit ang iyong "My Number" (Indibidwal na Numero sa Japan), kailangan mong magsumite ng mga dokumento upang mapatunayan ang iyong numero at ID: Tingnan ang likod ng papel na ito para sa mga detalye.

(b) Kung kailangan mo (o ng iyong asawa) na mag-file ng form para sa nakaseguro sa ilalim ng Kategorya Ⅲ, mangyaring mag-file ng "National Pension Kategorya Ⅲ insured persons' report form" (KOKUMIN NENKIN DAISANGO (3 号) HIHOKENSHA KANKEI TODOKE) sa Japan Pension Service Branch Office gamit ang lugar ng trabaho ng iyong asawa na nakaseguro sa ilalim ng Kategorya Ⅱ.
Maaari kang humiling ng form sa lugar ng trabaho o sa JPS Branch Office, o mag-download mula sa JPS website sa https://www.nenkin.go.jp/

Tandaan: Mangyaring maingat na basahin ang likod na bahagi ng form kapag pupunan na ang report form. Mangyaring makipag-ugnay sa JPS Branch Office para sa anumang katanungan.

Mangyaring itago nang mabuti ang sulat na ito. Importante ito sa mga kinakailangang proseso.
Kung nakapag-file na ng mga form bago pa matanggap ang liham na ito, mangyaring huwag pansinin ang liham na ito.

### Impormasyon sa iyo / iyong asawa

Impormasyon sa iyo na kailangang mag-file ng report form

| | |
|---|---|
| Basic Pension Number | |
| Pangalan | |

Ang iyong coverage record bilang nakaseguro sa Kategorya Ⅱ

| | |
|---|---|
| Uri ng pampublikong sistema ng pensiyon | |
| Petsa ng pagtatapos ng coverage (pagbibitiw mula sa kumpanya) | |
| Uri ng pampublikong sistema ng pensiyon | |
| Petsa ng simula ng coverage (pagtrabaho sa ilalim ng kumpanya) | |

Impormasyon tungkol sa iyong asawa

| | |
|---|---|
| Basic Pension Number | |
| Pangalan | |
| Kaarawan | |
| Uri ng sistema ng pensiyon | |

Mangyaring makipag-ugnay sa sumusunod na JPS Branch Office para sa anumang katanungan.

## Kailangan mong mag-file ng report form ng National Pension para sa mga sumusunod na kaso:

**(1)「第 1 号・第 3 号被保険者資格取得勧奨」Ang pagrehistro bilang nakaseguro sa Kategorya I o Kategorya III**

Kung nag-resign ka mula sa isang kumpanya o serbisyo sa gobyerno, i.e., matapos maseguro sa ilalim ng Kategorya II, kailangan mong i-report ang pagbago patungo sa Kategorya I o Kategorya III.

**(2)「第 1 号被保険者該当勧奨」Ang pagrehistro bilang nakaseguro sa Kategorya I**

① Kung ikaw ay isang dependent na asawa ng nakaseguro sa Kategorya II, i.e., empleyado ng kumpanya o ng gobyerno, at kapag ang iyong asawa ay mag-resign mula sa trabaho, kailangan mong i-report ang pagbago mula sa Kategorya III patungo sa Kategorya I.

② Kung ikaw ay isang dependent na asawa ng nakaseguro sa Kategorya II, i.e., empleyado ng kumpanya o ng gobyerno, at kapag nagkaroon ka ng tiyak na kita, i.e., hindi ka na dependent, kailangan mong i-report ang pagbabago ng kategorya mula sa Kategorya III patungo sa Kategorya I.

③ Kung ikaw ay isang dependent na asawa ng nakaseguro sa Kategorya II, i.e., empleyado ng kumpanya o ng gobyerno, at kapag ang iyong asawa na may edad na 65 pataas ay may karapatan sa mga benepisyo ng old-age pension, kailangan mong i-report ang pagbabago mula sa Kategorya III patungo sa Kategorya I.

④ Ang coverage sa ilalim ng sistema ng Employees' Pension Insurance (EPI) ay nagtatapos kapag ang isang nakaseguro ay umabot sa edad na 70 (maliban sa kaso na siya ay 65 taong gulang o higit pa at nakatanggap ng old-age pension). Kung ikaw ay dependent na asawa ng isang nakaseguro ng EPI at kapag naabot ng iyong asawa ang edad na 70, i.e., kapag natapos ang coverage ng EPI at matapos maseguro sa Kategorya II, kailangan mong i-report ang pagbabago mula sa Kategorya III patungo sa Kategorya I.

**(3)「未加入期間国民年金適用勧奨」Ang pagrehistro para sa mga dating hindi nakasegurong panahon sa ilalim ng National Pension**

Kung nagbago ka ng mga trabaho o nagtrabaho sa iba't ibang mga kumpanya noong nakaraang panahon, maaari kang magkaroon ng hindi nakaseguro na panahon sa pagitan ng mga trabaho. Kailangan mong i-report ang mga ito bilang Kategorya I o Kategorya III, upang punan ang agwat sa coverage.

**(4)「20 歳国民年金適用勧奨」Pagrehistro sa sistema ng National Pension sa edad na 20**

Kapag umabot ka sa edad na 20 at kung hindi nakaseguro sa Kategorya II, i.e., empleyado ng kumpanya o ng gobyerno, kailangan mag-report bilang nakaseguro sa Kategorya I o Kategorya III.

**(5)「34 歳等国民年金適用勧奨」Pagrehistro upang punan ang puwang ng dating hindi nakasegurong panahon: espesyal na paalala sa edad na 34, atbp.**

Pagkarating sa Japan at pagkarehistro ng address sa Japan, kailangan mong mag-report at magpalista sa sistema ng National Pension. Kung hindi mag-report, magkakaroon ka ng hindi nakasegurong panahon. Inaanyayahan ka naming mag-report lalo na sa mga edad na 34, 44, at 54.

**(6)「第 3 号被保険者種別確認勧奨」Pagkumpirma ng kategorya bilang nakaseguro sa Kategorya III**

Kung ikaw ay isang taong nakaseguro sa Kategorya III, kailangan mong mag-report sa bawat oras na ang iyong asawa (na nakaseguro sa Kategorya II) ay nagbago ng trabaho o lumipat sa ibang kumpanya, na sakop ng pagbabago ng sistema ng seguro sa pensiyon.

**(7)「第 3 号被保険者該当勧奨」Pagrehistro bilang nakaseguro sa Kategorya III**

Kung ikaw ay dependent na asawa ng nakaseguro sa Kategorya II, kailangan mong mag-report bilang nakaseguro sa Kategorya III.

Paalala: Kung mayroong sertipiko ng coverage na inisyu ng bansa kung saan may kasunduan ng "international social security agreement" ang Japan, maaari kang mai-exempt mula sa sistema ng National Pension. Mangyaring makipag-ugnay sa JPS Branch Office. Para sa karagdagang impormasyon sa "international social security agreement", mangyaring bisitahin ang:
https://www.nenkin.go.jp/service/kaigaikyoju/shaho-kyotei/kyotei-gaiyou/20141125.html

### Mga kategorya ng nakaseguro sa National Pension

| | |
|---|---|
| **Nakaseguro sa Kategorya I** | Mga empleyado sa agrikultura, kagubatan at pangisdaan, mga self-employed, mga walang trabaho, estudyante, atbp. na may edad na 20 pataas at wala pang 60<br>[Ang mga nasa kategoryang ito ay kailangang magbayad ng mga kontribusyon nang kusa] |
| **Nakaseguro sa Kategorya II** | Mga empleyado ng kumpanya at nakaseguro sa sistema ng EPI, o mga miyembro ng Mutual Aid Association (maliban sa mga taong may edad na 65 pataas na may karapatang tumanggap ng old-age basic pension, pensiyon sa ilalim ng sistema ng EPI, retirement mutual aid pension)<br>[Ang mga kontribusyon sa EPI ng mga nasa kategoryang ito ay ibinabawas mula sa kanilang suweldo] |
| **Nakaseguro sa Kategorya III** | Mga may edad na 20 pataas at wala pang 60 na dependent na asawa ng nakaseguro sa Kategorya II<br>[Ang mga nasa kategoryang ito ay hindi kailangang magbayad ng mga kontribusyon nang kusa] |

### "Karagdagang Plano ng Pensiyon" upang madagdagan ang halaga ng iyong mga benepisyo

Kung ikaw ay nagbabayad ng karagdagan na ¥400/buwan sa iyong regular na kontribusyon, ikaw ay makakatanggap ng karagdagang pensiyon sa iyong old-age basic pension sa hinaharap. Ang halaga ng karagdagang benepisyo ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagpaparami(multiply) ng ¥200 sa bilang ng mga buwan na nabayaran ang karagdagang kontribusyon. Maaari kolektahin ang binayaran kung natanggap mo ang iyong karagdagang mga benepisyo sa pensiyon sa loob ng dalawang taon o higit pa.

* Kinakailangang mag-file ng aplikasyon para sa planong ito. Ang pagbabayad ng karagdagang kontribusyon ay magsisimula sa buwan ng aplikasyon. Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa JPS Branch Office.

**[Mga dokumento na kailangan namin kapag ikaw ay nag-file ng "National Pension insured persons' report form (KOKUMIN NENKIN HIHOKENSHA KANKEI TODOKESHO)" gamit ng iyong "My Number" (iyong Indibidwal na Numero sa Japan)"]**

Kung isusumite ang form kasama ang iyong My Number sa tanggapan sa minisipyo, atbp., kailangan mong ipakita ang iyong My Number card. Kung wala kang My Number card, mangyaring ihanda ang mga dokumento ayon sa (1) at (2) na nakasaad sa baba;
Kung ipadadala ang form sa pamamagitan ng koreo, mangyaring ilakip ang kopya (photocopy) ng magkabilang panig ng iyong My Number card. Kung wala kang My Number card, mangyaring ilakip ang kopya (photocopy) ng mga dokumento ayon sa (1) at (2) na nakasaad sa baba;

(1) Sertipikadong kopya ng iyong resident registry na ipinapakita ang iyong My Number, o ang liham ng notipikasyon ng iyong My Number (kung ang pangalan at address ay kapareho ng naka-record sa resident registry), bilang katibayan na tunay ang iyong My Number.

(2) Ang iyong driver's license, pasaporte, resident card, o iba pang katumbas na dokumento, upang mapatunayan na ikaw ang may-ari ng numero.

(Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa JPS Branch Office.)

2103 1016 014